

# GRAYL


16 OZ (473 mL)

## ULTRALIGHT PURIFIER BOTTLE

GABAY SA MABILIS NA PAGSISIMULA



**FILL. PRESS. DRINK.**  
#PURIFYWATERANYWHERE



## FULL-SPECTRUM Purification + filtration.

Kung nagre-refill ka man ng tubig pang-inom galing sa gripo sa isang maliit na hotel sa Peru, o nasa isang mapanganib na trail ka at tubig mula sa maruming batis lang ang pwede mong inumin, o nasa bahay ka lang para maghanda ng emergency kit – ang GRAYL® Ultralight Purifier Bottle ang bahala sa iyo! Sa [ISANG PRESS] lang, nagbibigay ang Ultralight ng full-spectrum na proteksyon laban sa mga pathogen (virus, mikrobyo, protozoa), latak, kemikal at heavy metal.




## [ONE PRESS] Purification + filtration.



### I-FILL.

**I-fill hanggang sa isinasaad na linya ng pag-fill.**

I-fill ang OUTER REFILL sa iyong piniling source. Tiyaking HINDI ka magfi-fill nang lampas sa isinasaad na linya ng pag-fill.



### I-PRESS.

**I-press nang nakalapag sa lupa o semento, o nang mas mababa sa tuhod.**

Gamitin ang mabigat na timbang ng iyong katawan, at i-press ang purifier nang may nakapirming pababang pwersa. Mabilis at madali lang; tatagal lang ito ng 15 segundo.



### INUMIN.

**Na-purify na tubig, kahit saan.**

Tubig na ligtas inumin para sa anumang pakikipagsapalaran (backpacking, paglalakbay, kayaking, mga road trip).



Palaging gamitin ang pinakamalinis, pinakaligtas, at pinakamaasahang source ng tubig na mayroon. Kakailangang palitan agad ang cartridge kung nalalagyan ito ng masyadong maraming latak.

## MGA PRO TIP

Mula sa mga beterano na sa pakikipagsapalaran.

- 1 VENTED-CAP PRESS (I-press nang nakakabit ang takip!)**  
Kapag nakakabit ang Loop Cap habang nagpe-press, nagkakaroon ng kumportableng surface para sa pag-press, na nakakabawas sa pananakit o pagkapagod ng kamay (lalo na kapag gumagawa ng maraming press). Nagbibigay-daan ang pagpapahingin sa cap (pagbukas sa 1/4 na ikot) na makalabas ang hangin habang nagpu-purify.
- 2 PAG-PRESS NA KAPANTAY NG TUHOD (Gamitin ang bigat ng iyong katawan.)**  
Nangangailangan ang purifier ng GRAYL ng mabagal at nakapirming pwersa. At nagtatrabaho ito nang mabuti para alisin ang mga nakakasamang pathogen at kemikal mula sa tubig. Ilagay ang OUTER [RE]FILL sa lupa o semento, malapad na bato o pinagputulan ng puno, nang mas mababa sa tuhod. I-press nang nakadirekto ang mga braso at may tuloy-tuloy na pressure. Ngumiti, ito ang magpapanatili sa iyong ligtas.
- 3 CAP-ON (Umiwas sa cross contamination.)**  
Panatilihin nakakabit ang Loop Cap sa INNER PRESS upang maiwas sa posibleng cross contamination sa (o malapit sa) hindi pa nalinis na tubig. Kapag may mahigpit na takip, mapipigilan ang 'maruming' tubig na pumasok sa 'malinis na bahagi' ng INNER PRESS kung sakaling aksidente itong malaglag sa hindi pa nalinis na tubig.
- 4 PATUYUIN ITO (Para walang mamuong dumi.)**  
Sa pagitan ng mga paggamit, tiyaking ganap na tuyo ang iyong bote at cartridge upang maiwasan ang pamumuo ng amag at mikrobyo. Maaalis ang mga sobrang tubig kapag binigyan ng huling 'tuyong pag-press' ang cartridge. Patuyuin sa araw nang naka-disassemble (kung maaari) sa loob ng hindi iikli sa 48 oras hanggang sa tuluyang matuyo. Itabi nang tuyo at naka-assemble nang kumpleto.
- 5 HUWAG ITONG HAYAANG MAGYELO (Panatilihin ito sa iyong tabi.)**  
Makakatagal ang mga purifier cartridge ng hanggang dalawang cycle ng pagyelo/pagtanaw, ngunit pinakamainam ang iwasan ang pagpapayelo. Sa mga pakikipagsapalaran kung saan malapit o mas mababa sa freezing ang temperatura, panatilihin puno ang laman ng iyong bote (upang dagdagan ang oras ng pagyelo) at malapit sa iyong katawan sa isang maligamgam na balsa ng coat. Sa gabi, balutin sa insulation o, mas mainam, itabi ito sa iyong sleeping bag.
- 6 DINAGDAGANG KAPASIDAD (Magdala ng isa pang bote.)**  
Kasya sa Ultralight ang hanggang 16 fluid ounces (0.5L) na malinis na tubig. Upang pahabain pa ang iyong pakikipagsapalaran, isaalang-alang na mag-pack ng malambot na boteng natutupi o hydration bladder upang dagdagan ang iyong kapasidad.

## Paghihiwalay.

### likot at hilahin paalis.

likot-ikot upang makatulong na mapaghiwa-hiwalay. Kung mukhang na-stuck ang INNER PRESS, hawakan ang LOOP CAP at ikot ito nang clock-wise habang hinihila paalis. Maaalis sa kabit at mailalabas nito ang INNER PRESS.

Kapag tuluyang nang natuyo ang iyong GRAYL, maaaring mangailangan ng higit na pwersa ang INNER PRESS at OUTER REFILL upang mapaghiwalay. Tiyaking iikutin mo ito habang hinihila paalis.



Pihitin ang OUTER [RE]FILL at hilahin pataas ang INNER PRESS gamit ang Loop Cap.

## Pag-aalaga sa pagitan ng mga paggamit.

### Huwag gumamit ng sabon sa Purifier Cartridge.

Huwag hugasan ang Purifier Cartridge gamit ang sabon o ano pa mang ibang panlinis. Banlawan ang cartridge gamit ang malinis na tubig, punasan ng tuwalya at patuyuin nang mabuti (depende sa humidity, magtatagal ng hindi iikli sa 48 oras upang tuluyang matuyo).

### Hugasan ang bote (hindi ang Purifier Cartridge) ng kamay.

Maaaring hugasan ng kamay gamit ang maligamgam, may sabong tubig ang iyong OUTER [RE]FILL, INNER PRESS, at LOOP CAP. Huwag gumamit ng sabon sa Purifier Cartridge.

### Pag-aalaga sa pagitan ng mga paggamit.


Sa pagitan ng mga paggamit, patuyuin nang mabuti, pagkatapos ay i-assemble muli ang cartridge, bote at takip, at i-seal nang air tight. Tatagal ng 3 taon ang Purifier Cartridge pagkatapos ng unang paggamit. Tatagal ng 10 taon ang hindi pa nagamit na cartridge kung naka-seal ito nang maayos. Itabi sa isang malamig at tuyong lugar.

### Pag-alis at pag-install ng Purifier Cartridge.

Upang ALISIN, hanapin ang "lock tab" ng Purifier Cartridge sa ilalim ng INNER PRESS. Pagkatapos ay hilahin paalis ang "lock tab" at i-unscrew ang cartridge (lefty loosey).

Upang I-INSTALL, ipasok ang cartridge sa INNER PRESS at i-screw nang mahigpit (righty tighty) hanggang sa mag-click ang Purifier Cartridge sa lock slot. Huwag masyadong hipitan.

Hilahin ang "lock tab" upang i-unscrew ang cartridge.



## Mga dapat pag-ingatan sa Purifier.

### Panahong itatagal ng cartridge.

Nag-iiba-iba ang panahong itatagal ng Purifier Cartridge ayon sa kalidad ng source ng tubig; mas mabuti kung mas malinaw ang tubig. Kakailanganing palitan agad ang cartridge kung masyadong maraming buhangin o sediment. Kapag gumagamit ng malinaw na tubig, magiging epektibo ang cartridge sa loob ng ~300 cycle (40gal / 150L) - humigit-kumulang sa tatlong paggamit bawat araw sa loob ng tatlong buwan. Kapag malapit nang palitan ang isang cartridge, tumatagal ang pag-press. Kapag halos dumoble na sa 30 segundo ang pag-press, panahon na para palitan ang iyong cartridge.

### Mag-purify lang ng tubig-tabang.

Gumamit lang ng tubig-tabang (wala nang ibang likido). HINDI PWEDE ang tubig-alat.

### Umiwas sa mga aksidente at tagas na industrial.

Ang GRAYL ay lubos na mabisa sa pag-alis ng mababang concentration ng maraming kemikal, pesticide at heavy metal. Umiwas sa tubig na apektado ng mga latak ng minahan o pagtagas ng kemikal, na maaaring may mataaas na concentration ng mga kemikal, heavy metal at iba pang lason.

### HUWAG pagyeluhin.

Makakatagal ang mga Purifier Cartridge ng hanggang dalawang (2) cycle ng pagyelo/pagtunaw. Pagkatapos ng dalawang cycle, magsisimula nang humina ang performance ng purifier at dapat nang palitan ang Purifier Cartridge.

### Cross contamination.

Huwag ilantad sa/i-fill ang INNER PRESS ng hindi pa nalinis na tubig, maaaring magkaroon ng cross contamination. Kung mangyari ito sa liblib na lugar, i-disassemble at hugasan ang bote (hindi ang Purifier Cartridge) gamit ang may sabong tubig at banlawan ito nang mabuti. Maaari ding i-dilute nang mabuti ang mga maaaring magparumi sa pamamagitan ng pag-press (at pagtinang) sa tubig sa loob ng bote nang 5-7 beses.

Upang makaiwas sa cross contamination kapag fini-fill ang OUTER [RE]FILL, panatiliing nakakabit nang mahigpit ang Loop Cap upang pigilan ang tubig na hindi pa nalinis na makapasok sa 'malinis na bahagi'. Karagdagang benepisyo: lulutang ang naka-seal na INNER PRESS.

### HINDI PWEDE ang kumukulung tubig o mga microwave.

Masisira ng kumukulung tubig ang paraan ng purification kaya huwag mag-purify ng mainit o kumukulung tubig. Huwag i-microwave ang anumang bahagi ng bote.

### Pagiging Matibay ng mga Purifier Cartridge.

Na-rate ang Purifier Cartridge na kaya nitong malampasan ang pagbagsak sa matigas na surface mula sa distansyang may anim na talampakan. Maaaring makasira sa paraan ng purifier ang pagbagsak sa mas malalaking distansya.

## LIGTAS NA TUBIG para sa anumang pakikipagsapalaran.

- ✔ **Pinakamabilis na purification na available.** Nagtatagal lang ng 15 segundo.
- ✔ **Para sa mahihilig maglakbay sa ibang bansa, makipagsapalaran sa labas at maghanda para sa sakuna.** Angkop para sa mga naglilibot sa buong mundo, lightweight backpacking, hiking, pangingsda at pananatiling ligtas.
- ✔ **Patented [ONE PRESS] na disenyo.** Gumagawa ng malinis, na-purify ng tubig pang-inom mula sa kahit anong source ng tubig-tabang.
- ✔ **I-fill. I-press. Inumin. (Fill. Press. Drink.)** Ang makabagong disenyo ay WALANG kailangang pagsipsip, pagpiga, pagbomba, matagal na paghihintay, o mga baterya.
- ✔ **Proteksyon laban sa virus.** Inaalisa ang 99.9999% ng mga virus (hal. Hepatitis A, SARS, Rotavirus); 99.9999% ng mikrobyo na nagdudulot ng sakit (hal. E. coli, Salmonella, Cholera); at 99.999% ng mga protozoan cyst (hal. Giardia, Cryptosporidium).
- ✔ **Pinapabuti ang kalusugan, lasa, amoy at linaw.** Fini-filter ang maliliit na piraso, maraming kemikal at heavy metal.
- ✔ **Matibay.** Ginawa para sa mga delikadong kapaligiran.
- ✔ **Magaan at maliit.** Kasya sa gilid na bulsa ng kahit anong bag.
- ✔ **Sinuri ayon sa Mga Pamantayan ng NSF 42+53.**

International Quick Start Guide.  
Manuales / Manuels / Manuali / Handbücher  
[www.thegrayl.com/manuals](http://www.thegrayl.com/manuals)

BPA  
FREE

GRAYL®  
THEGRAYL.COM / SEATTLE, USA

TEN YEAR  
10  
WARRANTY